



## WORD

<sup>3</sup>Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo’y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan. <sup>4</sup>Inilibing siya ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan. **1 CORINTO 15:3,4**

“Patay na Lalaki Muling Nabuhay”—kung ikaw ay makakabasa ng ganitong kwento, ano kaya ang magiging reaksyon mo? Karamihan sa atin ay hindi maniniwala. Subalit ang kamatayan, libing, at muling pagkabuhay ni Jesus ay isang katotohanang batay sa kasaysayan na siyang batayan ng ating Kristiyanong pananampalataya. Sinabi ni Apostol Pablo na kung si Jesus ay hindi nabuhay muli, ang ating pananampalataya ay walang saysay (1 Corinto 15:14). Sa muling pagkabuhay ni Jesus, ipinakita ng Diyos na Siya ang may gawa ng buhay, at Siya ay may kapangyarihan sa buhay at kamatayan. Sa araling ito, ating titingnan ang kamangha-manghang kwento ng kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Jesus at ang epekto nito sa ating mga buhay ngayon.

## 1 Namatay si Cristo para sa atin.

*Sumigaw nang malakas si Jesus, “Ama, ipinagkakatiwala ko sa inyo ang aking espiritu!” At pagkasabi niya nito, nalagot ang kanyang hininga. **LUCAS 23:46***

Sa pagkamatay ni Jesus sa krus ay may naganap na palitan. Kinuha ni Jesus ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan, upang tayo ay maging matuwid sa harapan ng Diyos. Bagama’t wala Siyang ginawa na anumang kasalanan, Siya ay naging kasalanan para sa atin (2 Corinto 5:21). Bakit namatay si Jesus para sa atin (Juan 3:16)?

.....

.....

## 2 Si Cristo ay inilibing.

<sup>52</sup>Pumunta si Jose kay Pilato at hiningi ang bangkay ni Jesus. <sup>53</sup>Inalis niya ang bangkay sa krus at binalot ng telang linen. Pagkatapos, inilagay niya ito sa libingang inukit sa gilid ng burol, na hindi pa napaglilibingan. **LUCAS 23:52,53**

Kung si Jesus ay hindi tunay na namatay, wala tayong kasiguraduhan na ang ating mga kasalanan ay mababayaran. Ang libing ni Jesus ay nagpapatunay na Siya ay tunay na namatay—taliwas sa sinasabi ng iba na Siya ay nanghina lamang at na ninakaw ng Kanyang mga tagasunod ang Kanyang katawan. Sa katunayan, siniguro ng mga Pariseo at ng punong pari na walang makakapasok sa libingan ni Jesus hanggang sa ikatlong araw (Mateo 27:62-66). Sa iyong palagay, bakit ipinahayag sa Bibliya ang libing ni Jesus at hindi lamang ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay?

.....

.....

## 3 Si Cristo ay nabuhay mula sa kamatayan.

<sup>5</sup>At dahil sa takot, napayuko sila. Tinanong sila ng mga lalaki, “Bakit ninyo hinahahap ang buhay dito sa mga patay? <sup>6</sup>Wala na siya rito. Nabuhay siyang muli! Hindi ba sinabi niya sa inyo noong nasa Galilea pa siya, <sup>7</sup>na ang Anak ng Tao ay kailangang ibigay sa masasamang tao at ipako sa krus, pero mabubuhay siyang muli sa ikatlong araw?” **LUCAS 24:5-7**

Ang makita na walang laman ang libingan ni Jesus ay kagulat-gulat para sa mga babae mula sa Galilea, ngunit ipinaalala sa kanila ng anghel na si Jesus ay buhay! Ang Kanyang pangako na siya ay muling mabubuhay sa ikatlong araw ay natupad. Ang libingan na walang laman ay patunay na ang Kanyang katawan ay muling nabuhay. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay patunay na Siya ay Anak ng Diyos na totoo. Paano naaapektuhan ng katotohanan ng muling pagkabuhay ni Jesus ang iyong pananampalataya?

.....

.....